



Pag-IBIG Fund, katuwang ng bawat bayaning Pilipino sa mas magandang kinabukasan

Si G. Faustino “Tino” Comia Arellano ay isa sa milyun-milyong Overseas Filipino Workers (OFWs) na nakikipagsapalaran sa ibang bansa upang maitaguyod at mapaghandaan ang kinabukasan ng kanilang mga pamilya. Siya ay 45-taon gulang, may asawa at kasalukuyang nagtatrabaho bilang mechanical engineer sa Saudi Arabia. Siya rin ay isa sa mga miyembro ng Pag-IBIG Fund na regular na nag-iimpok simula pa noong 1996.

Sa kanyang pagbabakasyon sa bansa noong nakaraang pasko, nagdesisyon si Tino na maging miyembro ng **Modified Pag-IBIG II (MP2)**, isang boluntaryong programa sa pag-iimpok ng Pag-IBIG Fund, **kung saan ang dibidendong kinikita ng iyong impok ay mas mataas kumpara sa regular membership program ng Pag-IBIG. Sa ilalim ng MP2, ang buwanang hulog ay hindi bababa sa P500.** Ito ay bukas sa lahat ng miyembro ng Pag-IBIG I.

Ang impormasyon tungkol sa MP2 ay umabot sa kaalaman ni Tino sa pamamagitan ng mga *brochures* tungkol sa programa na kanyang nabasa at sa kanyang panonood sa telebisyon.

Noong ika-17 ng Enero 2013, matapos ma-withdraw ni Tino ang kanyang naimpok mula noong 1996 hanggang 2008 sa ilalim ng kanyang *voluntary membership* sa Pag-IBIG, ay pinili niyang ilagak ang natanggap na **P 590,000.00 sa MP2.** Katumbas nito ang kanyang personal na kontribusyong nagkakahalaga ng P 299,270.04 at P292,000.00, katumbas ng naman ng kabuuang dibidendong kinita ng kanyang ipon.

Ayon kay Tino, minabuti niyang mag-impok sa Pag-IBIG Fund sapagkat mas malaki ang kikitain ng kanyang pera kumpara sa banko. *“Sa banko kasi, parang nagpatago ka lang ng pera. Unlike sa Pag-IBIG, nadodoble yung pera mo, maganda yung dividends”*, kanyang pagbabahagi. Sa katuwaan ni Tino dahil sa laki ng kanyang dibidendo, kanya ring hinikayat ang kanyang mga kasamahan sa trabaho na mag-impok sa Pag-IBIG.



Si G. Arellano kasama ang kanyang maybahay habang tinatanggap ang Pag-IBIG Fund Receipt (PFR,) na nagpapatunay ng kanyang paunang impok sa ilalim ng MP2, mula kay G. Jojo Jareño, Manager, Overseas Operations Department.

Sa kanyang muling pag-alis noong ika-22 ng Enero upang ipagpatuloy ang pagtatrabaho sa ibang bansa, nangako si Tino na kanya ring ipagpapatuloy ang pag-iipon sa MP2 bilang bahagi ng kanyang paghahanda sa kinabukasan ng kanyang pamilya.

Maliban sa pagiging *member-saver*, si Tino ay nagbenepisyo na rin sa iba pang programa ng Pag-IBIG. Dahil sa kanyang regular na pag-iimpok, nakapangutang siya ng halagang **P 200,000.00** sa ilalim ng **Multi-Purpose Loan Program o MPL**, halagang kanyang ginamit na **pambili ng mga kagamitan sa kanyang bagong patayong bahay noon.**

Ang kwento ni G. Arellano ay isa muling pagpapatunay na ang Pag-IBIG Fund ay kaagapay ng bawat miyembro hindi lamang sa pagtugon sa kanilang pangangailangan sa pabahay kundi maging sa paghahanda para sa kinabukasan at dagliang pangangailangan.